BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Nobyembre 3, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt, 415-517-4147

## Sa programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin, nagiging realidad ang one-stop shop para sa mga de-kuryenteng sasakyan

**SAN FRANCISCO -** Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay may ibinigay na garantiya sa loan sa Zevvy, na dating Flux EV, na isang solusyon sa pagpapa-lease ng de-kuryenteng sasakyan na may mga flexible na kasunduan sa pagpapa-lease, na idinisenyo para makatipid sa gastusin sa gasolina at pagpapanatili ang mga driver sa Bay Area sa pamamagitan ng pagpili ng EV sa halip na de-gasolinang sasakyan.

Sa pamamagitan ng produkto sa pagpapa-lease na pagbabayad ayon sa milya (pay-by-the-mile), nagagawa ng mga driver na i-customize ang kanilang mga termino at sumubok ng EV nang walang mataas na paunang gastusin o pangmatagalang commitment sa isang loan, o nang walang hadlang gaya ng mga limitasyon sa mileage na kasama ng mga tradisyonal na lease at serbisyo sa subscription.

“Mahalagang mabawasan ang mga hadlang sa paggamit ng de-kuryenteng sasakyan habang sinisikap nating abutin ang ating mga layunin sa pagbabawas ng greenhouse gas,” sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Nasasabik ang Distrito ng Hangin na magbigay ng pinansyal na suporta sa mga makabagong solusyon na nagpapalawak ng access sa mga EV (electric vehicle o de-kuryenteng sasakyan) at nakakabawas sa pagdepende sa mga fossil fuel.”

Ang mga customer ng Zevvy ay nagbabayad ng mababang singil bawat buwan at iilang sentimo lang sa bawat milyang kanilang minamaneho, kaya nakakatipid sila kumpara sa normal nilang ginagastos sa gasolina at pagpapanatili para sa tradisyonal na sasakyang may internal na combustion engine. Kapag tapos na ang termino ng lease, mayroon silang opsyon na ibalik ang kanilang EV, i-renew ito buwan-buwan, o kaya ay bilhin ito, at ilalapat ang lahat ng nabayarang mileage sa presyo sa pagbili ng sasakyan.

Ang garantiya sa loan na ito ay ang pinakabagong proyekto sa ilalim ng programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank at Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang pagtatasa sa epekto, kung saan natukoy na kwalipikado ang Zevvy sa milyun-milyong dolyar na garantiya sa loan. Sinusuportahan ng garantiya sa loan na ito ang Zevvy sa pagkuha ng linya ng credit sa California Bank of Commerce.

“Ang pagtiyak na magagawa ng lahat ng Californian, na may iba't ibang background, na magkaroon ng de-kuryenteng sasakyan ay makakabuti sa ating lahat,” sabi ni Scott Wu, ang tagapagpaganap na

direktor ng IBank. “Bilang pampublikong ahensya, layunin ng IBank na gawing mas accessible ang ating mga programa, habang tinitiyak na napapakinabangan ng lahat ng Californian sa estado ang mga proyektong ginagawang posible ng mga programang iyon.”

Pangunahing prinsipyo ng programang Climate Tech Finance na suportahan ang mga makabagong proyekto sa klima, at sa pagsusuri ng greenhouse gas ng Distrito ng Hangin, natitiyak na nababawasan ng mga bagong teknolohiya ang mga panandalian at pangmatagalang emisyon ng greenhouse gas. Ang garantiya sa loan ng Climate Tech Finance ay nagbibigay ng credit enhancement na sumusuporta sa mga pang-operasyon at teknikal na kapasidad ng Zevvy sa nalalapit na termino, kaya magagawa ng kumpanya na palawakin ang access sa mga de-kuryenteng sasakyan para sa libu-libo pang driver sa California. Tinatayang mababawasan ng mabilis na paglaki ng Zevvy ang 494,000 metric tons ng carbon dioxide na katumbas na emisyon kada taon sa California sa pamamagitan ng pag-aalis sa paggamit ng mga sasakyang may internal na combustion engine, at pagbabawas sa mga mapaminsalang emisyon ng particulate matter at pollutant na nagdudulot ng smog.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*